



INILABAS NA BALITA

ILALABAS KAAGAD: Abril 19, 2018

MAKIPAG-UGNAYAN KAY: Sarah Zahedi - 415.749.4900

Nag-aalok ang Air District (Distrito ng Hangin) ng \$4.5 milyon sa mga gawad na salapi sa mga pampublikong ahensiya para sa Climate Protection Grant Program

SAN FRANCISCO – Ang Bay Area Air Quality Management District (Distrito ng Pamamahala sa Kalidad ng Hangin ng Bay Area) ay tumatanggap na ngayon ng mga application mula sa mga pampublikong ahensiya para sa 2018 Climate Protection Grant Program. Magagamit ang kabuuang \$4.5 milyon para sa mga gawad na salapi para sa pangangalaga ng klima at ang mga indibiduwal na igagawad na halaga ay nasa pagitan ng \$100,000 at \$300,000.

Sa ilalim ng 2018 Climate Protection Grant Program, popondohan ng Air District ang mga aktibidad sa dalawang kategorya:

1. pagbawas ng mga greenhouse gas, o mga GHG, mula sa mga dati nang gusali o
2. pagpapahusay sa mga makabagong estratehiya nang may pangmatagalang epekto sa pagbawas ng mga emisyon ng GHG.

“Karamihan sa mga pampublikong ahensiya sa Bay Area ay nagpapatupad o nagpaplano ng mga malikhaing solusyon para bawasan ang mga greenhouse gas,” ang sabi ni Jack Broadbent, tagapagpaganap na opisyal ng Air District. “Ang pakikipagtulungan sa mga ahensiyang ito para bawasan ang mga emisyon ay pahihintulutan kaming gumawa ng malalaking hakbang sa paglaban sa pagbabago ng klima na may kasamang mga halimbawa na maaaring gayahin sa buong Bay Area at sa estado.”

Binibigyang prayoridad ng programa para sa paggagawad ng salapi ang mga proyektong sumusulong tungo sa makamit ang target na pagbawas sa 2030 at 2050 na greenhouse gas ng Air District habang pinabibilis ang pagpapatupad ng [2017 Clean Air Plan](#) ng Air District at pagsuporta sa mga lokal na pagsusumikap na protektahan ang klima.

Ang mga pampublikong ahensiya lang na matatagpuan sa siyam na county ng Bay Area ang nararapat mag-apply para sa 2018 Climate Protection Grant Program. Ang mga pampublikong ahensiya na mag-a-apply ay maaari ring makipagtulungan sa mga ikatlong partido tulad ng mga pribadong negosyo at mga non-profit na organisasyon.

Ang mga posibleng aplikante ay maaaring suriin ang [Mga Alituntunin ng Programa para sa Gawad na Salapi](#), na higit pang inilalarawan ang mga bahagi ng programang ito at isinasaad ang mga layunin at mithiin ng Climate Protection Grant Program. Magho-host din ang Air District ng serye ng personal na mga workshop sa Bay Area para magpakita ng higit pang impormasyon tungkol sa programa.

Ang takdang petsa para sa mga nakumpletong application ay Mayo 11, 2018.

Para sa higit pang impormasyon tungkol sa webinar at mga workshop at para mag-apply para sa programa, bisitahin ang web page ng Climate Protection sa <http://www.baaqmd.gov/plans-and-climate/climate-protection/local-government-support/2018-climate-protection-grant-program>. Maaaring isumite ang mga tanong sa: climate@baaqmd.gov.

Ang [Bay Area Air Quality Management District](#) ay ang panrehiyong ahensiya na responsable para sa pangangalaga ng kalidad ng hangin sa Bay Area na may siyam na county. Makipag-ugnayan sa Air District sa pamamagitan ng [Twitter](#), [Facebook](#), at [YouTube](#).

#

Tanggapan ng Air District tungkol sa Mga Pakikipag-ugnayan
375 Beale Street, Suite 600, San Francisco, CA 94105
[Homepage ng Air District](#) | [Mga Inilabas na Balita](#)